**Summit Virtual Academy**
**Pagpapahayag ng Pag-unawa**

**MGA KAILANGAN SA PAG-EENROL**
Ang mga estudyante ay tatanggapin kung may bakante pang natitira. Bibigyan ng prayoridad ang mga residente ng NTPS.

Lahat ng estudyante sa Elementary at Middle School ay kinakailangang magkaroon ng full time na pangangasiwa ng matanda na ibibigay ng magulang, tagapag-alaga o nakatalagang kapamilya habang idinaraos ang pagtuturo sa araw ng pasukan sa paaralan at sa mga aktibidad sa pag-aaral. (Humigit-kumulang 6-7 oras bawat araw). Maaari ding kailanganin ng mga estudyante sa HS ang pangangasiwa ng matanda para magtagumpay. Kung gayon, ang pangangasiwang ito ay kailangang ibigay ng magulang, tagapag-alaga o nakatalagang kapamilya.

Kailangan ay may webcam at audio microphone capability ang mga estudyante para makalahok at makaugnay sa mga klaseng live at online.

Ang tagumpay na akademikong pag-unlad ay tuwirang nauugnay sa palagian at araw-araw na pakikipag-ugnayan. Susubaybayan ng SVA ang kinakailangang dami ng pagdalo sa paaralan sa buong taon panuruan sa pamamagitan ng pagkumpleto at dokumentasyon ng lingguhang mga pakikipag-ugnayan ng mga estudyante sa mga guro. Makukumpleto ng lahat ng estudyante ang kinakailangang mga pakikipag-ugnayan sa mga guro sa kaparaanang digital tulad ng cellphone, email, mga klaseng online, pagte-text, atbp. Lahat ng estudyante ay kinakailangang lumahok sa sabay-sabay na mga klaseng digital na itinakda ng guro nang lingguhan bilang bahagi ng kanilang kinakailangang dami ng pagdalo.

Mahalaga ang bukas na mga linya ng komunikasyon para magtagumpay sa isang paaralang online. Kailangang makatugon ang mga estudyante at magulang sa lahat ng komunikasyong hiniling ng mga guro at paaralan. Kailangang lumahok ang lahat ng estudyante at magulang sa mga kumperensya sa pag-unlad ng guro na kinakailangan at maagang iniskedyul kung kailan mayroong computer na may internet.

Kailangang lumahok ang mga estudyante sa lahat ng iniutos na pagtatasa ng estado, distrito at paaralan. Kailangang ilaan ng mga magulang/tagapag-alaga ang transportasyon papunta at pauwi mula sa mga lokasyon ng pagsusulit sa distrito.

**MGA KINAKAILANGAN AT PANUNTUNAN NG PAARALAN SA KASIYA-SIYANG PAG-UNLAD**
Ang batas na Alternatibong Karanasan sa Pag-aaral ay inaatasan ang mga guro na tasahin ang pag-unlad ng lahat ng estudyante bawat buwan at iulat ang pag-unlad ng lahat ng estudyante na nakaayon sa mga mithiin at layunin ng pagganap sa kanilang plano ng pag-aaral ng estudyante. Kung bigo ang isang estudyante na gumawa ng kasiya-siyang pag-unlad, bubuo ng isang plano para siya matulungan. Kung tumanggap ng tatlong di-kasiya-siyang buwanang mga pagsusuri sa pag-unlad ayon sa ipinaliwanag sa hanbuk ng estudyante at sa plano ng pag-aaral ng estudyante, kasama na ang kabiguang sumunod sa kinakailangang mga hakbang para tumulong at sumuporta ang paaralan, maaaring mapaalis ang isang estudyante sa paaralan.

Ang Hanbuk ng Estudyante ay naglalaman ng mahalagang impormasyon na may kaugnayan sa mga panuntunan ng programa, mga kinakailangan, at sa Nakasulat na Plano ng Pag-aaral ng Estudyante. Ang dokumentong ito ay kailangang repasuhin at unawain ng lahat ng estudyante at magulang/tagapag-alaga. Ang access sa binago at in-update na hanbuk para sa kasalukuyang taon panuruan ay ibibigay sa lahat ng pamilya bago sumapit ang unang araw ng pasukan at maaaring i-download mula sa website ng paaralan sa buong taon panuruan.

**PAGPAPAHAYAG TUNGKOL SA WALANG DISKRIMINASYON/PANTAY-PANTAY NA MGA OPORTUNIDAD SA EDUKASYON**

Ang North Thurston Public Schools ay magbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa edukasyon at sa pagtrato sa lahat ng estudyante sa lahat ng aspeto ng programang akademiko at mga aktibidad nang walang kinikilingang lahi, relihiyon, kulay, nasyonalidad, kasarian, edad beterano o may katayuan sa militar, oryentasyong sekswal, pagpapahayag o identidad ng kasarian, presensya ng anumang kapansanan sa pandamdam o sa isipan o sa katawan o sa paggamit ng isang asong sinanay na gumabay o hayop na nakakatulong sa isang taong may kapansanan, at nagbibigay ng pantay-patay na access sa Boy Scouts at iba pang itinalagang mga grupo ng mga kabataan. Ang mga programa ng distrito ay magiging malaya sa sekswal na panliligalig o iba pang panliligalig batay sa anumang katayuang protektado sa ilalim ng patakarang ito.

**HOME-BASED NA PAGTUTURO laban sa ALTERNATIBONG KARANASAN SA PAG-AARAL**

Alinsunod sa Mga Pamantayan sa Pagpapatupad ng Alternatibong Karanasan sa Pag-aaral, reperensya WAC 392-121-182 (6)(j)(ii), bago mag-enrol ang (mga) magulang o tagapag-alaga ay bibigyan ng, at lalagda sa, dokumentasyon tungkol sa pag-unawa sa pagkakaiba sa pagitan ng home-based na pagtuturo at pag-eenrol sa isang alternatibong karanasan sa pag-aaral (alternative learning experience o ALE).

**Home-based na Pagtuturo**

Ibinibigay ng magulang o tagapag-alaga ayon sa pinahihintulutan sa ilalim ng RCW 28A.200 at 28A.225.010.

- Ang mga estudyante ay hindi naka-enrol sa pampublikong edukasyon.
- Ang mga estudyante ay hindi sumasailalim sa mga panuntunan at regulasyong namamahala sa mga pampublikong paaralan, kabilang na ang mga kinakailangan sa kurso, pagtatapos, at pagtatasa.
- Ang pampublikong paaralan ay walang obligasyong magturo o magbigay ng mga materyal sa pagtuturo, o hindi kaya'y pangasiwaan ang pag-aaral ng estudyante.

**Alternatibong Karanasan sa Pag-aaral – Summit Virtual Academy**

- Pinahihintulutan sa ilalim ng WAC 392-121-182
- Ang mga estudyante ay naka-enrol sa pampublikong edukasyon nang full-time o kaya'y part-time.
- Ang mga estudyante ay hindi sumasailalim sa mga panuntunan at regulasyong namamahala sa mga pampublikong paaralan, kabilang na ang mga kinakailangan sa kurso, pagtatapos, at pagtatasa para sa lahat ng bahagi ng ALE.
- Ang mga karanasan sa pag-aaral ay:
    - Pinangangasiwaan, sinusubaybayan, tinatasa, at sinusuri ng sertipikadong tauhan.
    - Ibinibigay sa pamamagitan ng isang nakasulat na plano ng pag-aaral ng estudyante.
    - Ibinibigay nang buo, o baha-bahagi sa labas ng regular na silid-aralan.

Nabasa ko na ang mga paliwanag tungkol sa home-based na pagtuturo at alternatibong karanasan sa pag-aaral na ibinigay at nauunawaan ko ang pagkakaiba sa pagitan ng home-based na pagtuturo at ng programang alternatibong karanasan sa pag-aaral kung saan naka-enrol ang aking anak. Sa paglagda sa ibaba, pinatutunayan ko na nabasa ko na at sumasang-ayon ako sa mga pahayag ng Maagang Pagtanggap ng Summit Virtual Academy na nakalista sa itaas.

Pangalan ng Estudyante (Naka-print):_________________________________________Petsa: _________________

Pangalan ng Magulang (Naka-print):_________________________________________

Lagda ng Magulang: ____________________________________________________________________